Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

7 Setyembre 2025 | Ika-23 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

PAMBANSANG BUWAN NG KATEKESIS

## Ang Mahalin si Hesus nang Higit sa Lahat



*Ngayong Linggo, pagnilayan natin ang mabigat na hinihingi ng tunay na Kristiyanong pananampalataya. Hinahamon tayong tumulad sa mga pagpapahalaga ni Kristo kahit na mangailangan ito ng sakripisyo at pagtalikod sa mga pinahahalagahan natin. Inaasahan tayong magmahal nang tulad ni Hesus – dalisay, di makasarili, lubos na naghahangad ng tunay na kabutihan ng minamahal, at walang sinumang itinatakwil.*

*Hindi madaling magmahal nang ganito. Ang magmahal na tulad ni Hesus ay nangangailangan ng moral na lakas at mahabang pagsasanay. Ito lamang ang tanging paraan upang maging tunay na alagad ng Panginoon, at sa gayong pagmamahal lamang natin mapalalago ang Kaharian ng Diyos at matatamasa ang kaligayahang walang maliw.*

*Sa ating pagdiriwang ng Eukaristiya, hilingin natin ang biyayang mahalin si Hesus nang higit sa lahat, sa salita, at sa gawa.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ikaw ay tama at banal sa tapat mong kautusan, Panginoong aming mahal. Kami'y iyong pag-ukulan ng lugod mo't kasiyahan.**
***(Sal 119:137.124)***

### Pagbati

***P*–**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.
***B*–At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*–**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Manahimik sandali.)*

***P*** –Sinugong tagapagpagaling sa mga nagsisisi, Panginoon, kaawaan mo kami.
***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Dumating na tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi, Kristo, kaawaan mo kami.
***B*** **–Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** –Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami, Panginoon, kaawaan mo kami.
***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B*– Amen.**

### Papuri

***B*–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**Panalanging Pambungad**

*P*–Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos mo at kinupkop ay tunghayan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob upang sa pagsampalataya sa Anak mong si Kristo makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B*– **Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Kar 9:13-18b*

*Kabilang sa maraming hindi natin alam ay ang mga plano at kalooban ng Diyos. Sa pamamagitan lamang ng banal na Karunungan natin mapaglalabanan ang gayong limitasyon at magiging kasiya-siya sa Diyos ang ating asal.*

*L* –Pagbasa mula sa Aklat ng Karunungan

**"Sinong tao ang makatatarok ng kaisipan ng Diyos? Sino ang makaaalam sa kalooban ng Panginoon? Kapos ang kaisipan ng tao at marupok ang aming mga panukala. Sapagkat ang aming kaluluwa ay binabatak na pababa ng aming katawang may kamatayan. Ang aming katawang lupa ay pabigat sa isipang punung-puno ng mga panukala. Nahihirapan kami para mahulaan man lamang ang nilalaman ng daigdig; nahihirapan din kami upang malaman kung ano ang mga bagay sa paligid namin, sino, kung gayon, ang makauunawa sa mga bagay na makalangit? Walang makaaalam ng iyong kalooban malibang bigyan mo siya ng iyong Karunungan, at lukuban ng iyong diwang banal mula sa kaitaasan.**

**Sa ganitong paraan lamang maiwawasto mo ang mga tao sa matuwid na landas."**

Ang Salita ng Diyos.

*B*– **Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**
*Sal 89:3-4.5-6.12-13.14.17*

*B* –***Poon, amin kang tahanan noon, ngayon at kaylanman.***

*R. M. Velez*




* **Yaong taong nilikha mo'y bumabalik sa alabok, sa lupa ay nagbabalik kapag iyong iniutos. Ang sanlibong mga taon ay para bang isang araw, sa mata mo, Panginoon, isang kisapmata lamang; isang saglit sa magdamag na ito ay dumaraan. *B.***

* **Mga tao'y pumapanaw na para mong winawalis, parang damo sa umagang tumubo sa panaginip. Parang damong tumutubo, na may taglay na bulaklak, kung gumabi'y nalalanta't bulaklak ay nalalagas. *B.***

* **Yamang itong buhay nami'y maikli lang na panahon, itanim sa isip namin upang kami ay dumunong. Hanggang kailan magtitiis na magdusa, Panginoon, kaming iyong mga lingkod na naghihirap sa ngayon? *B.***

* **Kung umaga'y ipadama yaong wagas mong pag-ibig, at sa buong buhay nami'y may galak ang aming awit. Panginoon naming Diyos, kami sana'y pagpalain, magtagumpay sana kami sa anumang aming gawin! *B.***

**Ikalawang Pagbasa**
*Flm 9-10.12-17*

*Isang bahid sa lahat ng matandang lipunan ang pang-aalipin. Sa pagbibigay-diin ni Pablo sa katunayan ng "kapatirang panlahat sa Panginoon," inilalatag niya ang batayan ng pagpawi sa lahat ng anyo ng pang-aalipin.*

*L* –Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo kay Filemon

**Pinakamamahal ko, akong si Pablo, sugo ni Kristo Hesus at ngayo'y nakabilanggo dahil sa kanya, ang nakikiusap sa iyo tungkol kay Onesimo, na naakit ko sa pananampalataya samantalang ako'y naririto sa bilangguan.**

**Pinababalik ko siya sa iyo, at para ko nang ipinadala sa iyo ang aking puso. Ibig ko sanang panatilihin siya sa aking piling, upang, sa halip mo, siya ang maglingkod sa akin habang ako'y nabibilanggo dahil sa Mabuting Balita. Ngunit ayokong gawin iyon nang wala kang pahintulot upang hindi maging sapilitan kundi kusa ang pagtulong mo sa akin. Marahil, nawalay sa iyo nang kaunting panahon si Onesimo upang sa pagbabalik niya'y makasama mo siya habang panahon – hindi na bilang alipin kundi isang minamahal na kapatid. Mahal siya sa akin, ngunit lalo na sa iyo – hindi lamang bilang isang alipin kundi isang kapatid pa sa Panginoon.**

**Kaya't kung inaari mo akong tunay na kasama, tanggapin mo siya tulad ng pagtanggap mo sa akin.**

Ang Salita ng Diyos.

*B*– **Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** *Awit 118:135*

*B* –**Aleluya! aleluya!**
**Poon, iyong pasikatin**
**kagandahan ng loobin**
**ng kabutihan mo sa 'min.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lc 14:25-33*

*Sa pananalitang may pagmamalabis, binibigyan-diin ni Hesus ang mabigat na kahingian ng tunay na pagiging alagad. Kung nais ninumang sumunod nang tapat sa kanya, kailangan ang lubos na pagkalas sa pinakamalapit na kamag-anak, sa sarili, at sa mga materiyal na ari-arian.*

*P*– Sumainyo ang Panginoon.

*B* –**At sumaiyo rin.**

*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

*B*– **Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sumama kay Hesus ang napakaraming tao; humarap siya sa kanila at kanyang sinabi, "Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang umiibig sa kanyang ama at ina, asawa at mga anak, mga kapatid, at maging sa sarili niyang buhay nang higit sa akin. Ang sinumang hindi magpasan ng sariling krus at sumunod sa akin ay hindi maaaring maging alagad ko.**

**Kung ang isa sa inyo'y nagbabalak magtayo ng tore, hindi ba**

**uupo muna siya at tatayahin ang magugugol para malaman kung may sapat siyang salaping maipagpapatapos niyon? Baka mailagay ang mga pundasyon ngunit hindi naman maipatapos – siya'y kukutyain ng lahat ng makakikita nito. Sasabihin nila: 'Nagsimulang magtayo ang taong ito pero hindi naipatapos.'**

**O sinong hari na makikipagdigma sa kapwa hari ang hindi muna uupo at pag-aaralang mabuti kung ang sampunlibo niyang kawal ay maisasagupa sa kalaban na may dalawampunlibong tauhan? At kung hindi niya kaya, malayo pa ang kalaban ay magsusugo na siya ng mga kinatawan upang makipagkasundo.**

**Gayon din naman, hindi maaaring maging alagad ko ang sinuman, kung hindi niya tatalikdan ang lahat sa kanyang buhay."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B*** **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*** **–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

***P*** –Ipinaaalaala sa atin ngayon ng Panginoong Hesus na kung nais nating maging alagad niya, dapat natin Siyang mahalin nang higit sa lahat, at handang magpasan ng ating krus nang buong tapang at tiyaga. Ipanalangin natin ang lahat ng nagdadaan sa matinding hirap, kasama na ang ating mga sarili:

***B*** **–Panginoon, tulungan mo kaming sumunod sa iyo.**

* Nawa'y ang Simbahan ay maging maningning na halimbawa ng katapatan sa mga tuntunin ng Mabuting Balita, at kailanma'y di ito ipagpalit sa materiyal na bagay. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa'y dinggin ng ating kabataan ang panawagan sa kanila ni Hesus na buong pusong sumunod sa kanya at maglingkod sa mga kababayang napagkakaitan, walang tirahan, inaapi, at maysakit. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa'y maging tapat sa kanilang mga pangako hanggang kamatayan ang lahat ng mga nagtalaga sa Diyos ng kanilang sarili sa pagpapari o buhay-relihiyoso. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa'y ngayong ipinagdiriwang natin ang Pambansang Buwan ng mga Katekesis, ang ating mga Katekista ay laging maging mga inspirasyon sa kanilang salita, saloobin, at gawa. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** –Panginoon, ikaw ang aming tanging yaman, pag-asa, at buhay. Ipagkaloob mo sa amin ang biyayang maging tapat sa iyo sa bawat saglit ng aming buhay upang makatuloy kami sa Kaharian kung saan ka nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.

***B*** **–Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo . . .

***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** – Ama naming Lumikha, ikaw ang gumagawa ng wagas na katapatan at kapayapaan. Ipagkaloob mong ang iyong kadakilaan ay aming handugan ng iyong minamarapat na aming maialay at nawa'y magkaisa kami sa pakikinabang sa banal na paghahaing ngayo'y ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen.**

### Prepasyo IV

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.

***B*** – **At sumaiyo rin.**

***P*** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B*** – **Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P*** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B*** **– Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P*** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*** **–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

*B*– **Ama namin . . .**
*P*– Hinihiling namin . . .
*B*– **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

*B*– **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P*– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
*B*– **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Kami'y usang nauuhaw sa tubig na nasa bukal, ika'y pinananabikan, Diyos naming minamahal, tubig kang buhay ang alay.**

### Panalangin Pagkapakinabang

*P*– Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa iyong salita at piging na banal ay iyong pinalalakas at iyong binubuhay. Pagindapatin mong kami'y makapakinabang sa buhay ng iyong Anak na para sa ami'y sarili niya ang alay bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B*– **Amen.**

## PAGWAWAKAS

*P*– Sumainyo ang Panginoon.
*B*– **At sumaiyo rin.**

*P*– Pagpalain kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
*B*– **Amen.**

*P*– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
*B* –**Salamat sa Diyos.**

Like us on Facebook
Word and Life Publications

## PANALANGIN NG MGA KATEKISTA

Makapangyarihang Ama,
Kami, iyong mga katekista,
ay dumudulog sa Iyo.
Sa gitna ng magulo't di mapakaling mundo.
Kami ay gawin banal at pagpalain Mo.
Kami ay pinili Mo
upang maging alingawngaw
ng Iyong Salita.


Panginoong Hesus,
pag-isahin Mo kami sa Iyo
nang lubusan,
sapagkat kami ay Iyung-iyo.
Nawa'y patuloy kaming humugot
nang malalim na malasakit
mula sa Iyong kamatayan sa krus
at muling Pagkabuhay
para sa kaligtasan ng sanlibutan.

Halina, Espiritu Santo,
aming Gabay at Liwanag.
Kami ay palagi Mong samahan.
Nawa'y maipadama namin
ang pag-ibig para sa mga tao ngayon,
sa pagiging alingawngaw ng Iyong pag-ibig.

Maria, Ina at Huwaran ng mga katesista,
panatilihin Mo kaming tapat sa aming bokasyon.
Nawa'y pagnilayan namin nang tulad Mo,
ang Salita ng Diyos sa aming mga puso,
at ang aming Pananampalataya
ay maisabuhay nang gaya Mo.

San Lorenzo Ruiz, ipanalangin mo kami.
Amen.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua




## KAPOS NA KAISIPAN; MARUPOK NA MGA PANUKALA

*Kalakbay at Katoto*

Dumarating sa buhay natin ang pagkakataong tila natatanga tayo, natitigilan, naguguluhan … Sa mga sandaling ito, hindi natin tukoy kung ano ang dapat gawin, o ano ang dapat unahin, at alin ang dapat lapatan ng lunas, sa dami ng mga sabay-sabay at susun-susong mga bumabagabag sa isipan natin. Sa loob ng silid-aralan, tila kay dali ang lahat ng bagay, madaling ikahon, madaling i-analisa, mabilis siyasatin at hanapan ng katugunan. Nguni't sa harapan ng isang krisis, hindi sapat ang mayroong isang komite … hindi puede ang magbuo lamang ng isang lupon upang pag-usapan, pag-aralan, at i-disekto ang mga nagaganap.

Sa ganitong mga pagkakataon, isang lider at matikas na pinuno ang kailangan. Sa ganitong mga pagkakataon, hindi komite, at lalung hindi isang propesor sa silid-aralan, ang dapat mangasiwa. Oo, at kailangan niya ng payo ng mga aral… Pero matapos marinig ang lahat at mapagtanto at matimbang ang mga sali-salimuot na bagay, ang maalam (hindi matalino), ang prudente (hindi tuso), at ang may karunungan (hindi ang may titulo lamang) ang nakapagsusulong ng kung anong dapat gawin ng kanyang mga tauhan.

Sa Linggong ito, ano ba ang KATOTOHANANG dapat natin mapulot sa mga pagbasa? Binuksan ng aklat ng Karunungan ang pinakamahalaga … *"Kapos ang kaisipan ng tao at*

*marupok ang ating mga panukala!"*

Kapos ang kaisipan natin … tingnan nyo na lang kung paano tayo inaalipusta ng buong mundo … kapos na kapos ang maraming bagay at lugar … sa airport, sa pagtugon sa pagbabaha, sa mga lansangang gumuguho at butas-butas, atbp. *Kapos ang kaisipan natin … Malimit hindi natin alam ang tama at mali. Mayroon pa ring pumapanginoon sa mga lider na kurap. Nagnakaw na at lahat ay sila pa rin ang bida at sila pa rin ang gusto nilang maghawak ng kapangyarihan sa bansa.*

Kapos ang kaisipan natin, at marupok ang mga panukala natin. Marupok ang panukala ng isang namumunong walang ibang alam gawin liban sa hamakin, libakin, at sisihin ang nauna sa kanya. Marupok ang panukala ng isang taong ang unang pinag-uukulan ng pansin ay sirain ang ginawa ng nauna, o palitan, o baguhin na parang nililikha niyang muli ang gulong mula sa kawalan.

Marupok ang panukala natin malimit … bihasa tayong maliitin ang mga tulad ni Onesimo na isang alipin … bihasa tayong mang-ismol ng mga taong walang kakayahan. Nguni't ang karunungang binabanggit ni Pablo ay may kinalaman sa pagtuturing kay Onesimo, hindi bilang alipin, kundi bilang isang kapatid sa Panginoon.

Marupok ang panukala natin … Tingnan nyo na lang ang naglipanang mga poste ng ilaw sa buong Pilipinas… binabarahan nila ang bangketa … Alam ng lahat na ang tunay na pakay ay hindi ang pagpapailaw ng mga kalyeng may ilaw na galing sa Meralco. Alam natin na ang tunay na pakay ay ang ilagay ang kanilang mga nagagan-dahang mga pangalan sa poste, wag n'yo nang pakialaman kung walang malakaran ang mga mahihirap na walang sasakyan!

Marupok ang mga panukala natin … mga tulay na walang patutunguhan, mga kalyeng tuwing eleksyon lamang naaaspaltuhan, at mga waiting shed na nagiging tulugan ng mga informal settlers.

Naparito tayo sa simbahan ngayong araw upang magpugay at magpuri, tumanggap ng aral at magbalak nang mabuti. Ang magandang balita ay isang reality check … kapos ang ating kaisipan … Hindi lang iyan, marupok ang ating mga panukala!

Kailangan natin ng isang panlaban sa kamangmangang ito … na nagdulot at patuloy na nagdudulot sa atin sa kahihiyan. Kailangan nating matuto sa paanan ni Kristo, tulad ng ginawa ni Maria na kapatid ni Marta. Kailangan nating mapaalalahanan na para sa Diyos, walang bagay na imposible… walang hindi makakamit. Nguni't kailangan natin maupo at magkwenta, magbalak at humabi ng isang panibagong kasalukuyan at panibagong kinabukasan … kailangan nating tingnan kung kaya natin gumawa ng isang tore … kailangan natin mag-plano at mag-isip ng anumang hihigit sa pansariling kapakanan … Oo, tumpak …. Kapos ang ating kaisipan at marupok ang mga panukala, nguni't nagkakaloob ang Diyos ng karunungan … *"Sa ganitong paraan lamang maiwawasto ang mga tao sa matuwid na landas."* (Unang Pagbasa).

